



FACT SHEET: *Mga Highway*

US 101/Blossom Hill Road Interchange na Proyekto ng Pagpapasulong

Pangkalahatang ideya

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA), sa pakikipagtulungan sa Lunsod ng San Jose, at ng California Department of Transportation (Caltrans), nagpanukalang baguhin ang interchange ng Blossom Hill Road sa United State Route 101 (US 101) sa Lunsod ng San Jose.

Mga Layunin

Ang layunin ng proyektong ito ay:

- Pagaanin ang kasikipan at pasulungin ang operasyon ng trapiko sa mga freeway at sa mga lokal na kalsada sa nasasakupan ng interchange ng US 101/Blossom Hill Road; at
- Pasulungin ang kakayahang maikonekta ng bisikleta at pedestriyan sa kahabaan ng Blossom Hill Road at sa mga nakapalibot na lugar.

Mga Katangian ng Proyekto

Kabilang sa mga ipinapanukalang pagpapasulong ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Pagtatayo ng istruktura ng tulay sa ibabaw ng US 101 sa pagitan ng dalawang kasalakuyang mga palapag ng tulay ng Blossom Hill Road para malagyan ng karagdagan isang linya ng trapiko sa magkabilang direksyon at ng isang pasilangang para lamang sa linya ng trapiko na papunta sa pahilagang rampang papasok sa loop
- Pagpapalapat ng kasalukuyang pahilagang rampang palabas sa US 101 para makapaglagay ng dalawang linyang pakaliwa, isang linyang paderetso, at isang linyang pakanan
- Muling pagbabago ng pasilangang daan patungo sa Blossom Hill Road/pahilagang rampang palabas/interseksyon ng Coyote Road para makapaglagay ng dalawang linyang pakaliwa at dalawang linyang paderetso at pagbabago ng kasalukuyang signal ng trapiko sa interseksyon
- Pagpapalapat ng kasalukuyang patimog na rampang palabas ng US 101 para makapaglagay ng tatlong linyang pakanan at isang linyang pakaliwa na may kasamang pagbabago ng kasalukuyang signal ng trapiko sa interseksyon
- Muling pagpapantay ng mga pasukan papasok ng kasalukuyang patimog at pahilagang mga rampang papasok sa loop ng US 101
- Muling pagsasaayos ng Monterey Road patungong silangan ng rampang nagkokonekta sa Blossom Hill Road para dagdagan ang distansyang nagkakawing sa pagitan ng Monterey Road at patimog na rampang papasok ng US 101
- Pagtayo ng daanang Class I na Bisikleta/Pedestriyan mula sa Sangang-daan ng Xander sa Monterey Road patungong Coyote Creek Trail.

Pagpapatuloy

Mga Kapartner sa Proyekto



US 101/Blossom Hill Road Interchange na Proyekto ng Pagpapasulong



Gastos sa Kapital/Pagpoondo ng Proyekto

Pinondohan ng Lunsod ng San Jose ang gastos ng panimulang pag-iinhinyero at panghuling mga yugto ng disenyo ng proyekto. Pinondohan ang yugto ng konstruksyon ng proyekto ng pinagsamang VTA 2016 Measure B at mga pondo ng Lunsod ng San Jose.

Iskedyul ng Proyekto

Mga Alternatibong Pag-analisa at Panimulang Pag-iinhinyero:	Abril 2016 (Nakumpleto)
Pag-aprobang Pangkapaligiran:	Mayo 2018 (Nakumpleto)
Pagkumpleto ng Disenyo:	Marso 2020 (Nakumpleto)
Konstruksyon ng Proyekto (kabilang ang Landscaping sa unang Taon):	Hulyo 2020 - 2023

Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Para sa higit pang impormasyon sa proyektong ito, mangyaring tumawag sa Community Outreach ng VTA sa (408) 321-7575, (TTY) 408-321-2330. Maaari ka ring bumisita sa amin sa web sa www.vta.org, o e-mail kami sa community.outreach@vta.org